

1

“Paano, tutuloy na ako. Kapag may problema, itawag mo kaagad sa akin, Maria Sandara.” Nang ngumiwi siya sa pagbanggit nito ng buo niyang pangalan ay tumawa ito. “Okay, Sandy,” he amended softly. Maria Sandara ang buo niyang pangalan. ‘Marisa’ ang tawag sa kanya ng yumao niyang lolo samantalang ‘Sandy’ naman siya para sa lahat—and she liked it better.

Gabi na noon at ikalawang araw na kasama niya si Greg, ang bayaw ng kanyang tiyahin. Tinulungan siya nitong maging pamilyar sa lugar—sa palengke, sa mall, sa simbahan at sa school ni Gailey, ang pinsan niyang anim na taong gulang pa lamang dahil late nag-asawa ang Tiya Tessie niya. Sanggol pa lang ang bata nang mamatay sa vehicular accident ang ama nito kaya ngayon, mag-isa itong itinataguyod ng tiyahin niyang nasa Hongkong.

Inikot nila ang mga lugar mula pa nang nagdaang araw. Matiyaga nitong itinuro ang mga direksyon katulad kung saan siya dapat sumakay at bumaba kapag may pupuntahan siyang partikular na lugar.

“Kung sakaling maligaw ka, i-text o kaya tawagan mo ako kaagad, huwag kang mahihiya!” Tumango siyang muli. Binalingan nito si Gailey na tahimik lamang habang nakahawak sa kamay niya. “Gail, si Ate Sandy na ang makakasama mo habang hindi pa

bumabalik si Mommy, ha? Magpapakabait ka. Huwag mo siyang bibigyan ng sakit ng ulo, okay?”

Tinatapos na lamang ng Tiya Tessie niya ang kontrata at uuwi na ito mula sa Hongkong. Nabanggit nito na baka raw sa Pilipinas na ito mamalagi.

“Opo, Tito,” mababang tugon ng bata.

Lumapit si Greg at niyakap ito. “Kung hindi lang talaga ako busy, doon ka na lang sana titira muna sa apartment ko. Ang problema, naghahanda ako sa board exams kaya walang mag-aalaga sa iyo.” Ginulo nito ang buhok ng paslit habang mahigpit na yakap.

Nasabi na sa kanya ni Tiya Tessie ang dahilan kung bakit kinailangan ni Gailey ng bagong tahanan. Umuwi na sa probinsya sa Ilocos ang mga biyenan nito para roon na lamang gugulin ang mga araw matapos magretiro ang mga ito. Si Gailey na ayaw namang ilipat ng ina nito ng paaralan ay kailangang maiwan sa Maynila. Wala sanang problema dahil ang hipag nitong si Moneth ang nag-aalaga sa bata sa loob ng maraming taong iniwan ito ng tiyahin niya, kaya lamang, naayos na rin ang mga papeles na hinihintay nito. Lilipad na rin ito patungong Norway at maiiwan kay Greg ang bata.

Ayos lang iyon sa binata kung hindi lamang sa madugong exam na pinaghahandaan nito. Alam ng tita niya na hindi na nito mabibigyan ng panahon ang bata, kaya pinakiusapan siyang

lumuwas na lamang. Bagay na hindi niya tinanggihan dahil bukod sa wala na ang lolo niya na nagsilbing pamilya niya sa mahabang panahon sa probinsya, nais niyang takasan ang isang napakakulit na manliligaw na ayaw siyang tantanan.

“Kung mananatili ka rito, Sandy, baka maikasal ka diyan sa mukhang sangganong anak ni Kapitan nang hindi mo namamalayan!”

Iyon ang naalala niyang sinabi sa kanya ni Lolie, ang kaibigan niyang guro na nagtuturo sa pampublikong paaralan kung saan librarian naman siya.

Nagtapos siya sa kursong AB English sa kolehiyo sa bayan nila. Isang taon siyang naging tutor bago siya naging librarian. Ayon sa principal ng paaralan, mahusay raw kasi siya sa literatura at pamilyar sa mga libro, kaya isang tulad daw niya ang kailangan sa library.

“Hindi malayong mangyari iyon dahil wala na ang lolo mong handang manghabol ng itak upang maprotektahan ka lang. Kaya kung ako sa iyo, mag-iisip isip na ako. Sayang ang ganda mo, 'Day!” Napangiwi siya nang maalala ang kabuuan ng sinabi ng kaibigan. Tama ito. Kahit wala namang ginagawang masama ang manliligaw niya liban sa pagsunod-sunod sa kanya ay hindi pa rin siya mapanatag.

Kilala sa buong nayon nila ang pagkaastig ng anak ng kanilang barangay captain. Baka mamaya, kidnapin na lamang

siya nito at piliting ipakasal dito.

Nang tumawag sa kanya ang Tiya Tess niya ay tiyempo namang pinag-iisipan na talaga niya ang pangingibang-lugar. Katunayan ay isinasaayos na niya nang mga panahong iyon ang mga dapat niyang ayusin sa paaralan, kaya naging madali sa kanya ang pag-alis sa maikling panahon. Nalulungkot man ay kailangan niyang gawin iyon.

Sinundo siya ni Greg sa bus terminal nang dumating siya sa Maynila at tumuloy sila sa apartment nito. Dahil kilala siya ni Gailey at paborito pa siyang ate nito, ikinatuwa ng bata ang pagdating niya. Hindi ito tumanggi nang sabihin ni Greg na siya na muna ang mag-aalaga rito. Tinawagan din ng kanyang tiyahin ang bata nang nakaraang araw upang ipaliwanag ang sitwasyon.

“Ba-bye na, Tito Greg,” kumakaway pang paalam ni Gailey nang humakbang na palayo ang lalaki.

“Bye, Baby. Dadalawin kita kapag hindi ako busy.” Nilington siya nito. “Basta tumawag ka sakaling may problema, Sandy.”

“Gagawin ko iyan. Salamat, Greg. Sige na, gagabihin ka na masyado.”

Ngumiti lamang ito at itinuloy na ang pag-alis.

“Oh...” ang tanging nausal niya nang mabungaran ang magulong kabahayan. Nagkalat sa sahig ang mga diyaryo at

magazines. Sa sofa ay naroon ang malalaking larawan ng views, sa kabilang upuan ay mga libro. Ang ilan ay nakabukas ang mga pahina. Mukhang hindi natapos basahin ng taong gumamit niyon.

Nang balingan niya si Gailey ay nakangiwi ito na para bang nandidiri. Hindi na siya nagtataka dahil napakaayos ng apartment ni Greg. Sa tingin niya ay mas masinop pa nga ang binata kaysa sa kanya.

“Okay lang iyan, Gail. Lilinisin natin iyan,” aniya rito. Hinawakan niya ito sa kamay at umakyat sila sa itaas. Sinubukan niya sa unang kuwarto ang susing ipinadala ni Tiya Tessie. Hindi bumukas ang pinto, ibig sabihin, hindi iyon ang kuwarto para sa kanila. Iyon marahil ang ginagamit ng kaibigan nito—na magsisilbing boarder daw sa bahay. Hawak ng sinumang tao na iyon ang duplicate na susi sa pinto at sa silid na gamit nito. May ilang linggo na raw itong nasa bahay.

Burarang boarder, sa isip niya habang ipinapasok ang susi sa keyhole sa kabilang silid. Mistulang binagyo ang buong bahay. Ano bang klase ng tao iyon? May palagay siyang hindi pa rin mag-aayos ang lalaking iyon kahit matabunan na ng kalat. Saang lupalop kaya nakilala ng tiya niya ang taong iyon?

Ayon dito, lalaki raw ang makakasama nila at ‘Steve’ ang pangalan. Wala raw siyang dapat alalahanin dito dahil mabait ito at mabuting tao. Pero hindi nabanggit ni Tiya Tessie na hindi alam ng lalaking iyon ang kahulugan ng salitang ‘kalinisan.’

May kutob siyang mga kaedad ng tiyahin niya ang lalaki; mga early forties na marahil ito. Tumanda nang hindi marunong magligpit ng kalat?

Nakahinga siya nang maluwag nang datnan niyang nakaayos ang magiging silid nila ni Gailey. Alikabok lamang ang dapat niyang alisin sa kuwarto at kailangan lamang palitan ang bedsheet at kumot.

“Nagugutom ka ba, Gail?” baling niya sa bata nang tahimik itong naupo sa gilid ng kama at luminga-linga.

Umiling ito. “Water please, Ate Sandy,” pakiusap nito.

Kinuha niya mula sa bag ang baon nilang mineral water at iniabot dito.

“Cold po ang gusto ko,” anito na sinipat ang tubig.

“Ganoon ba? Sandali, ha?” Nagpasya siyang bumaba. May napansin siyang refrigerator kanina sa kusina. Baka may malamig na tubig doon.

Ang sabi ng Tiya Tessie niya, furnished ang bahay liban sa mga gamit sa kusina. Pero nang sumaglit siya sa dining area kanina, may mga plato at basong naroon. Kompleto rin ang kitchenwares. May kalan din na mukhang ginamit lamang sa pagluluto.

Sa boarder ba ang mga gamit na iyon?

Nagkibit-balikat na lamang siya at itinuloy ang pagbaba. Binuksan niya ang refrigerator; mga prutas, beer at soda ang naroon kasama ang wheat bread at biscuits. Sa ibaba ay kahon na pizza na nang buksan niya ay bawas na at may mga kagat pa ang ilang slice.

Kumuha siya ng baso at hinugasan iyon. Pagkatapos, nilagyan niya ng ice cubes bago siya umakyat. Hindi siya sigurado sa tubig na nasa refrigerator kung safe bang inumin iyon, kaya iyong baon na muna nila ang gagamitin niya.

Nakangiti si Gailey nang makitang may yelo sa baso niyang dala. Inubos nito ang isang basong tubig na ibinigay niya.

“Ay, mainit pagtulog natin,” sabi nito nang mapansing walang air-con ang silid.

“Papaypayan kita,” ngiti niya rito. Inayos na niya ang kama at isinunod ang pagbibihis sa bata. “Bukas na lang tayo bibili ng electric fan, ha? Pagod na rin ang beautiful ate mo at gabi na,” Tumango ito. “Iinitin ko na lang mamaya ang food natin. Hindi mo pa talaga gustong kumain?” Ang pagkaing ni-takeout ni Greg sa isang restaurant kanina ang tinutukoy niya. Tumango ang kanyang pinsan.

“Okay, magpahinga ka muna. Sa ibaba lang ako.”

Pagdating sa ibaba ay inilabas niya ang *iPod* na kapapadala lamang ng kanyang tiyahin noong isang buwan. Ini-set niya ito sa rock music para hindi siya antukin habang nag-aayos ng mga

gamit nila ni Gail. Mayamaya na niya iinitin ang pagkain kapag nagutom na silang pareho.

Halos isang oras ang lumipas bago niya ganap na naayos ang lahat ng kalat. Nakangiting sumandal siya sa kinauupuang sofa at tumingala. Napangiwi siya sa sinag ng ilaw. Tumayo siya at pinatay iyon. Hinayaan niyang ang dalawang display lamp na lamang ang tumanglaw sa paligid tatal ay tapos na siya sa ginagawa.

“Ang paboritong mga manika ni Gail,” aniya sa sarili nang ilabas mula sa bag ang mahigit sampung paper dolls na hindi hinayaan ng batang iwan nila sa apartment ni Greg. Tinanggal niya mula sa buhok ang hairpin at dinampot ang pinakamalaking manika.

Ang anak ni Kapitan ang naisip niya. Gigil na gigil na tinusok-tusok niya ng hairpin ang kawawang manika. “Kung may power lang sana ako, Naru, naku!” usal niya at tinusok nang tinusok ang manika hanggang nagkabutas-butas iyon. Sa huli ay napangiti na siya at naisipang ibulong ang kakatwang spell ng magkakapatid na good witches sa paborito niyang television series, ang *Charmed*.

Dahil naghuhumiyaw ang rock music sa tainga niya, hindi niya namalayang bumukas ang main door at ang lalaking pumasok doon ay napamaang nang makita ang ginagawa niya sa manika. At lalong umawang ang mga labi nito nang itaas pa niya ang butas-butas na manika habang nakatarak sa dibdib nito

ang hairpin. Sa huli ay napapailing na ngumiti ito.

“You’ll die in seven days, Naru!” gaya pa niya sa pamilyar na linya sa isang horror movie. Sinundan pa niya iyon ng fake na tawa, to add an effect. Pagkatapos ay pabagsak siyang sumandal sa sofa at napapailing na tinawanan ang sarili.

Kawawang Naru, aniya sa sarili at napailing. *At para kang baliw, Sandy...* Ipinikit na lamang niya ang mga mata at nagpasyang umidlip muna. Mahirap talaga ang mabagot, kung anu-anong kalokohan tuloy ang naiisip niyang gawin. Pinatay na niya ang *iPod* at tinanggal mula sa tainga ang mga earphones.

Naalimpungatan siya sa sigaw ni Gailey.

“Gail!” pasigaw niyang tawag sa bata habang mabilis na umaakyat sa hagdanan. Sinakop siya ng kaba nang makitang bukas ang pinto ng silid at para bang may pumasok. Nahimbing ba siya? “Gail?” Umawang ang mga labi niya nang pagtulak niya sa pinto ay nabungaran niya ang pinsan na nakasiksik sa dulo ng kama habang nakatuon ang tingin sa likod ng pinto.

Nagsalubong ang mga mata nila ng bata. “S-sino siya, Ate Sandy?” inosenteng usisa nito sa kanya. Ang tinutukoy marahil ay ang taong pumasok sa silid nito. Paano niya ito sasagutin gayong hindi niya nakikita ang tinutukoy nito dahil nasa likod iyon ng pinto?

“Please, huwag mong takutin ang bata,” mababa ang tinig na pakiusap niya nang maisip na maaaring ang boarder ang naroon. May hawak itong duplicate key sa bahay kaya ito lamang ang maaaring makapasok dahil ini-lock niya ang main door bago siya umidlip kanina.

Tumikhim ang taong nasa likod ng pinto. Mayamaya pa, humakbang na ito at ipinakita ang sarili.

“Alam kong may makakasama na ako ngayon sa bahay na ito. I’m sorry kung nabigla kayo na makita ako.” Hindi nito binanggit ang nakita nitong ginagawa niya kanina, subalit tumingin ito nang makahulugan sa kanya.

Hindi nakapagsalita si Sandy.

“Umakyat ako para tingnan si Gailey. Hindi ko intensyong gulatin siya, pasensya na...”

Nakamaang pa rin siya sa lalaki. Ang timbre ng boses, ang anyo, ang presence... lahat ay naghuhumiyaw ng hindi matatawarang masculinity.

And for minutes she was at a loss for words. Siya ang nagmistulang nakulam sa harapan nito. Kung hindi pa ito malakas na tumikhim ay hindi siya matatauhan.

“I-ikaw ba si... si...” What a shame, she was stammering!

“Steve,” salo nito. “At ikaw ang pamangkin ni Tess?” Napatango na lamang siya. Hindi niya magawang alisin ang mga

mata sa mukha nito. Ibang Steve ang inaasahan niyang makita sa bahay. Hindi magandang lalaki. Hindi rin makisig at matangkad. At lalong hindi sing-bata nito!

“Ate Sandy?” Napapitlag pa siya sa boses ni Gail. Bumaling siya rito; nasa kama pa rin ang bata. Lumapit siya.

“Friend siya ng mommy mo, Gail, makakasama natin siya rito.”

“Call me ‘Tito Steve’, Honey,” magiliw na saad nito habang nakangiti sa paslit. Nag-iba ang anyo nito sa ngiting iyon. May bahid ng bagsik kasi ang anyo nito kapag seryoso at pormal. Idagdag pang hindi clean cut ang buhok nito, bahagyang mahaba at may style.

“Hindi siya bad guy?”

The man chuckled. Pinigil niya ang pagngiti.

“Hindi, Gail,” aniya at nilingon niya ang lalaki. Seryoso itong tinitigan ni Gailey.

“Mabait ako, Baby, kahit itanong mo sa mommy mo,” tugon nito at ngumiti.

“Okay...” anang bata na tila nakumbinsi na. “Bigla siyang pumasok, eh, kaya nagulat ako...” sumbong pa nito sa kanya. “Mukha kasi siyang bad guy sa movie.” Naubo si Steve sa tinuran nito. Pigil niya ang sariling matawa. Kaswal niyang ibinalik ang tingin sa lalaki.

“Mukhang hindi sanay makakita ng guwapo ang batang ito, ah, masyadong prangka. Hindi na ako iginalang.” Doon ay talagang natawa na siya. Sa gaan ng tono nito, alam niyang nagbibiro lamang ito sa sinabi. “Mana sa ina,” dugtong pa nito.

“Ihahanda ko na ang mesa, Gail, ha? Kakain na tayo mamaya,” basag niya sa namayaning katahimikan. Tumalikod na siya para lumabas ng silid.

“Puwede ba akong sumabay?” tanong nito sa magaan na tono. Bumababa na silang pareho sa hagdanan. Nauuna siya at nakasunod ito.

“Puwede pero magligpit ka muna ng kalat,” prangka niyang tugon na nagpangiwi rito. Sumeryoso siya. “Kung hindi mo nahalata, matatabunan na tayo ng *kalat mo*.” May sobrang diin sa ‘kalat mo’.

“Kung ikaw na lang kaya ang magligpit at maglinis?”

Namilog ang mga mata niyang napabaling dito. Inuutusan siya? “Hoy, hindi mo ako katulong!” hindi niya napigilang ibulalas. Ano ang karapatan nitong utusan siya? Bakit, mukha ba siyang muchacha?

“Ikaw ang nagkalat, matuto kang magligpit!” Nagtaray na siya. At gusto niya itong hambalusin nang makitang tila naaliw pa ito sa halip na tablan ng mga sinabi niya.

“Uhm... I mean...” bigla namang kambiyo nito mayamaya,

“palit tayo ng work load; ako ang magluluto at ikaw ang magliligpit. Magaling kasi akong masyado sa aspetong iyan—ang magligpit.” Tumawa ito.

“Ang sabihin mo, magkalat!” At nagbingi-bingihan pa ang ungo. Hindi pinansin ang sinabi niya!

“Ano’ng pangalan mo?” sa halip ay tanong nito, ngingitngiti.

“Wala akong pangalan!” nababanas na angil niya nang muling makita ang rambol sa sala. Nagtatanong pa ang lalaking ito, narinig naman kaninang tinatawag siya ni Gail ng ‘Ate Sandy.’

“Uhm... Miss Wala-akong-pangalan,” Nakangisi ito na lalo pang nagpataas ng dugo niya. Para kasing super enjoy pa ito na nagngingitngit siya dahil sa kalat.

“Fair naman ako kaya huwag kang mairita. Aakuin ko ang sana ay gagawin mo; in return, gagawin mo ang trabaho ko. Isn’t it fair?”

“Fair—”

“Pangalan?” biglang agaw nito sa malakas na boses. Hindi siya sumagot. Tuloy-tuloy siya sa kusina. Kung hindi siya iinom ng tubig ay baka atakehin siya sa puso sa pagkaasar niya sa lalaking ito. Hindi niya maintindihan kung bakit tingin at ngisi lang nito ay sapat na para magbuga ng pagkarami-raming dugo ang puso niya patungo sa kanyang ulo. “Oh, well, bakit pa ba ako

nagtatanong?” turan nito. Nang lingunin niya ay ngingisi ngisi pa rin ang hudyo.

“Itim na itim ang buhok mo, sing-itim ng mga mata mong parang gabi, may bangs ka na halos natatakpan na ang kalahati ng mukha mo,” komento nito at lumapad ang ngisi. “I know a better nickname that suits you,” turan nito at hinagod ng tingin ang buong mukha niya.

“Witch.”

“W-what?”

“I caught you doing the act, Sweetheart!”

Ang kapal ng mukha! anang isip ni Sandy habang nagwawalis sa sala. Pinagpawisan siya sa pagliligpit ng kalat na hindi sila ni Gail ang may gawa. Bakit ba kasi siya pumayag sa gusto ng herodes na ito?

Sa sulok ng mga mata niya ay nakita niyang abala ang lalaki sa ginagawa. Wala itong suot pang-itaas, naka-apron lamang. Guwapo sana pero asungot naman! At talagang pinaniwalaan nito ang nakita—na mangkukulam siya!

“Huwag mong masyadong hihigpitan ang hawak sa walis, baka ilipad ka,” bulong pa nito kanina nang daanan siya, sabay kindat. Ngali-ngali niyang hampasin ang bungo nito.

“Buwisit!” asar niyang bulong at matalim itong sinulyapan. Siya namang paglingon nito kaya huling-huli ang pagsulyap niya. Ngumiti ito at kumindat. Bigla niyang binawi ang tingin. May kung ano ang sumikdo sa dibdib niya kasabay ng pag-igting ng inis niya rito.

Paano ba nagkaroon ng ganitong klase ng kaibigan ang Tiya Tessie niya? Ang alam niya, likas na mabait at palakaibigan ito pero numero uno nitong inaayawan ang mayayabang at maangas na tao.

At puwedeng gawaran ng *Best Angas Award* ang lalaking ito! Kung kumilos at umasta ay parang prinsipе—sobra ang tiwala sa sarili!

“Nagugutom na po ako...” Napapitlag siya at napatingin kay Gailey na bumababa na ng hagdanan. Wala siyang choice kundi bumaling kay Steve para magtanong.

“Five minutes na lang ang sinigang, Honey. C’mon, umupo ka na rito,” nakangiting sabi nito sa bata bago pa man siya nakapagtanong. Para itong anghel kung kausapin ang kanyang pinsan samantalang inaalaska naman siya. Ah, may dual personality yata ang unggoy na ito!

“Ate?” Nakatitig sa kanya ang batang babae na para bang humihingi ng pagsang-ayon. Ngumiti siya rito. “S-sige, upo ka na. Gail.” Saka lamang nito itinuloy ang pagbaba sa hagdanan.

“Mamaya mo na ituloy iyan, Witch. Kumain na muna tayo!”

Bewitched - Aira Felicity

Nakuyom niya ang kanang palad. *Kung sana totoong may kaalaman ako sa witchcraft, talagang kukulamin kita, bruho ka!*

2

Napalington siya sa pinto nang marinig ang mahinang warning knock. Bumukas iyon at iniluwa ang bulto ni Steve. Napatigil siya sa pagpapaypay kay Gailey na pabaling-baling sa higaan.

Mainit sa silid kaya pareho silang hindi komportable. Sinadya na nga niyang iwan na bukas ang mga bintana para kahit paano ay may hanging pumasok.

“Lumipat na kayo sa kabila, may air-con sa silid ko,” kaswal na turan nito, walang emosyon ang mukha. Sa tingin niya ay iyon talaga ang sinadya nito sa silid nila. Tatanggihan niya sana ang alok, pero nahabag siya sa nakitang pagkabalisa ni Gailey sa tulugan. Magagawa niyang tiisin ang init, pero paano ang bata?

“Huwag ka nang mag-isip pa. Kung ayaw mo sa silid ko, walang problema. Pero ililipat ko si Gailey.” At tiyak ang mga hakbang na pumasok ito, tuloy-tuloy sa kama. Hindi lamang pala asungot ang lalaking ito, arogante rin at animo’y pag-aari ang buong bahay. “Gail?” anito.

Inaagaw na ng antok si Gailey bago pa man ito pumasok kaya marahil hindi na aware ang bata sa nangyayari sa silid. Umungol lamang ito nang buhatin ni Steve at pinangko palabas ng silid. Naiwan siyang hindi malaman kung susunod rito o hindi. Sa pagod na nararamdaman niya, tiyak na hindi niya iindahin

ang init sa silid dahil siguradong bagsak siya mamaya.

Tumayo na lamang siya upang dalhin sa kabilang silid ang kumot at paboritong human-sized stuffed toy ng pinsan. Ihahatid na lamang niya iyon sa silid ni Steve pagkatapos ay babalik siya upang dito matulog. Hindi niya yata kayang makasama sa isang kuwarto ang asungot na iyon. Isa pa, kaibigan man ito ng tiya niya, hindi niya talaga ito kilala. Malay ba niya kung...

“Mabuting tao si Steve, Sandy, wala kang dapat ipag-alala. In fact, mas panatag nga akong kasama ninyo siya ni Gail...” Napangiwi siya nang sumiksik sa isip ang sinabi ng tiyahin. Kung pinagkakatiwalaan ito ng matanda, siya lang marahil ang nag-iisip ng masama.

Napabuntong-hiningang itinuloy na lamang niya ang paglabas upang sundan si Steve sa silid nito.

Pero isang mahimbing na Gailey lamang ang naabutan niya roon.

Saan nagpunta ang lalaking iyon?

Napaungol sa pagkainis si Sandy nang mapatid siya ng kung ano sa sahig na naging dahilan upang madapa siya. Salamat na lamang, kaagad niyang naitukod ang mga palad. Hindi niya nahagkan ang semento.

Lampshade lamang kasi ang tanglaw sa silid kaya hindi niya

gaanong nakita ang tinatapakan niya. Idagdag pang hindi niya suot ang kanyang eyeglasses. Tinungo niya ang kinaroroonan ng switch. Bumaha ang liwanag sa buong silid.

“Oh no!” naibulalas niya nang bumulaga sa kanya ang kabuuan ng silid. Daig pa ang dinaanan ng tsunami! May kutob siyang ilang araw na lamang ang kailangan, may mananahan nang cobra rito!

Prinsipe ba ang lalaking iyon at simpleng pagliligpit ay hindi nito alam gawin nang tama? Napailing na lamang siya. Liban sa kama na siyang tanging walang kalat sa silid—dahil mukhang tinabig nito lahat ng mga bagay roon upang magawang ilapag si Gailey, wala na siyang nakitang kaaya-aya.

Tulad sa sala kanina, nagkalat din sa silid ang mga larawan at libro na nang sipatin niya ay mga business books. Naroon din ang mga magazines at CDs. Sa kabilang bahagi ay nandoon ang food tray ng hindi naubos na pagkain. Sa isang sulok naman ay trash bin na mistulang *Mayon Volcano* sa rami ng kinuyumos na papel. Sa ibabaw ng mesa ay animo dinaanan ng ipu-ipo ang mga bond papers, mapa at travelogue. Sa tabi niyon ay ang camera—mamahaling camera na gamit lamang ng mga professional photographers!

Nakita rin niyang nagkalat ang kaha ng sigarilyo at tatlong lata ng soda. Sa ibaba naman ay mga kahon ng film, empty cartridges at mga supot ng candies.

Bewitched - Aira Felicity

May narinig siyang tunog ng cellphone. Hinanap niya ng mga mata ang aparato pero hindi niya nakita. Tiyak niyang nasa ilalim iyon ng mga kalat. Mayamaya ay tumigil na rin ang tunog.

Kung dito siya matutulog ay natitiyak niyang hindi siya makakahinga. Napailing na sinimulan niyang pulutin isa-isa ang mga bagay sa sahog. Inabot siya ng ilang minuto bago niya ganap na nalinis ang paligid.

Napangiti siya nang nakatayo siya sa pintuan at nilingon ang silid. Maaliwalas na ang paligid, nakahinga siya nang maluwag.

Nang magpunta siya sa kusina, tila gusto na niyang magtititili sa inis nang mapatingin sa lababo. Ang lalaking iyon, nagboluntaryo na magliligpit daw pero hayun at basta na lamang iniwan ang mga pinagkainan nila roon!

Mamamatay yata siya sa konsumisyon dahil sa lalaking ito! Nagligpit na lamang siya sa pinakamabilis na kilos na kaya niyang gawin. Nang matapos ay binalikan niya sa silid si Gailey.

Teka, saan ba nagsuot ang kumag na iyon?

Nang patayin niya ang ilaw ay naaninag niya sa bintana na maliwanag sa labas. Papabilog nga pala ang buwan. Mukhang maaliwalas ang langit ngayong gabi. Humakbang siya palapit sa bintana. Bahagya niyang hinawi ang kurtina upang sumilip sa labas.

Napakurap siya nang dumako sa munting hardin sa ibaba

ang mga mata niya.

Si Steve... nasa isang sulok ito at nakasalampak sa Bermuda grasses. Nakatingala ito sa kalangitan na para bang tinatandaan sa isip ang bawat bagay na nakikita sa kalawakan. Hindi niya alam kung bakit napako ang mga mata niya rito at kung bakit iyon naghatid ng kakaibang pakiramdam sa kanya habang pinagmamasdan niya ito.

She couldn't imagine how a huge man like him, with tough looks and a ruggedly male anatomy could be so serene while watching the skies. Ang sarap nitong titigan sa anyong iyon. Tila isang bata itong naghihintay ng isang espesyal na bituin para mag-wish.

Sumilay ang ngiti sa mga labi niya. Ngiting napawi nang makita niyang lumipad ang mga mata nito sa bintana kung saan siya nakatanaw. Tila ba naramdaman nito na may nanonood dito. Wala sa sariling binitawan niya ang kurtina at napasandal sa dingding. Hindi niya alam kung bakit kumabog ang dibdib niya gayong sigurado siyang hindi naman siya nito nakita.

Dalawang beses siyang napalunok bago unti-unting sumilip muli. Wala na si Steve. Natarantang napatakbo siya sa pinto; paakyat na marahil ito. Magkakasalubong sila kung babalik pa siya sa silid. Malalaman nitong nagtagal siya sa silid nito. Tumakbo na lamang siya patungo sa kama at mabilis na nahiga sa tabi ni Gailey. Bahala na ito kung saan pupuwesto. Magpapanggap na lamang siyang nakatulog na.

Halos hindi siya huminga nang marinig niya ang langitngit ng pinto. Kasunod noon ang mga yabag papasok ng kuwarto. Tila ingat na ingat din itong lumikha ng ingay. Mayamaya pa, nagliwanag ang paligid. Narinig pa niya ang pag-usal nito ng buong-buong 'Oh'. Hindi niya matiyak kung dahil iyon sa presence niya sa silid o nagulat ito dahil wala na ang koleksyon nito ng kalat.

Namayani ang katahimikan. Hindi niya mahulaan kung ano ang ginagawa nito. Nakatitig ba sa kanila ni Gailey at nagngingitngit dahil inagawan nila ng puwesto?

Nagulat pa siya nang maramdamang inayos nito ang comforter, kinumutan silang pareho ni Gailey. Kasunod niyon, sa pinakamarahang paraan, naramdaman niyang inayos nito ang unan sa ulo niya—sa pagmamadali niya kasi kanina ay basta na lamang niya ibinagsak ang sarili sa kama. Wala siyang pakialam kung tabingi man ang unan at magka-stiff neck siya.

Narinig niyang naglalatag na ito ng sariling higaan sa sahig nang sumunod na sandali.

Hindi alam ni Sandy kung ano ang eksakto niyang nararamdaman nang mga sandaling iyon. Lalo na nang balutin na ang silid ng nakabibinging katahimikan habang nasasamyo niya ang kaaya-ayang amoy ng unang hindi niya namalayang niyakap niya pala kanina.

It was a unique scent of the man—Steve.

Kulang na lamang ay tumili si Sandy sa sobrang inis nang mabungarang binagyo na naman ang sala. Halos tatlong araw na siyang nagtitimpi ng galit sa walang kasing-burarang kasama nila sa bahay. Lalo pang nag-umigting ang pagkaasar niya nang datnan niyang nakatambak ang mga kalat sa lababo. Nilinis niya iyon bago niya inihatid sa school si Gailey!

At ngayon, pagkatapos lamang ng ilang oras na inilagi niya sa labas para bilhin ang ilang pangangailangan nilang magpinsan, heto, mistulang may sumabog na namang bomba sa kabahayan.

Nagngingitngit na umakyat siya sa itaas. Sinalubong ng sapatos, leather slippers at mga nakakalat na medyas ang paningin niya. Nasa tapat ang mga iyon sa pinto ng silid ni Steve. Hinahagod ang dibdib na tumalikod siya upang pumasok sa silid nila ni Gailey. Talagang papatayin siya ng lalaking iyon sa konsumisyon!

Nasanay marahil na nagliligpit siya kaya nag-e-enjoy magkalat. Ang kapal ng mukha! Ano siya, muchacha nito? Nakakainis talaga!

Pilit niyang inignora ang magulong kapaligiran. Hinarap niya ang pagluluto ng tanghalian niya. Naghihiwa na siya ng mga gulay nang matigilan. Pang-dalawa ba ang iluluto niya? Ah, hindi. Mabuti ngang magutom ang kalaterong herodes na iyon. Ano ba ang pakialam niya kung mamuti man ang mga mata nito

sa gutom?

Alam niyang umuuwi ito sa tanghali. And he was really at home na kinakain nito ang anumang maabutang niluto niya sa kusina.

Narinig niyang sumalya pabukas ang pinto. Alam niyang si Steve iyon. Nagmartsa siya patungo sa sala habang mahigpit na hawak sa kanang kamay ang kitchen knife na pinanghihiwa niya ng gulay.

“Hoy, Herodes! Kung inaakala mong ililigpit ko ang mga kalat mo, nagkakamali ka!” naniningkit ang mga matang bulyaw niya rito. “Hindi mo ako muchacha!” She absentmindedly raised her hand with the knife. “Mahiya ka sa balat mo!”

Kumurap-kurap ito habang nakakatitig sa mukha niya, pagkuwan ay ngumiti. Itinaas nito ang mga kamay sa anyong sumusuko. “Easy, Witch, hindi ako lalaban!” tila na-amuse pang turan nito. Base sa nakikita niyang kislap sa mga mata nito, hindi man lang ito natinag sa galit niya.

“Will you stop calling me ‘Witch’! Hindi ako mangkukulam!”

“But how about the poor doll?” gagad nitong nakangisi. “I saw you...” Naningkit ang mga mata niya. Magsasayang lamang siya ng hininga kung magpapaliwanag siya. Isa pa, wala siyang pakialam sa opinyon nito.

Kilala niyang pasensyosa ang sarili. But with this man...

Bewitched - Aira Felicity

Nilayasan na lamang niya ito bago pa siya makapagsalita nang masama. “Parang nagger na asawa,” narinig niyang bubulong-bulong ito nang dumaan sa tabi niya “Nag, nag, nag. Why don’t you marry me instead, Witch? Nang sa ganoon maging nagger wife ka na officially!”

Handa na sana siyang maglitanya, pero sinalubong ng sunod-sunod na flash ng camera ang paglingon niya rito. Nanigas ang panga niya at ang tanging nagawa ay kumurap nang sunod-sunod sa pagkabigla.

Nakangisi ito nang talikuran siya. “Nice shots, I’d guess.”

Nakuyom na lamang niya ang kanang kamay.

Nasa hardin si Steve nang gabing iyon. At heto naman ang dalaga, lihim itong sinisilip. Kanina pa niya gustong kastiguhin ang sarili sa ginagawa, pero talagang gusto niya itong pinagmamasdan, isang bagay na hindi niya maintindihan dahil talagang naiinis siya rito.

Napakapayapa ng anyo nito roon.

Napakaguwapong skywatcher...

Wala sa sariling lumayo siya sa bintana nang tumingin ito sa dako niya. Nararamdaman ba nitong naroon siya? Bakit sa ilang gabing lihim niya itong pinagmamasdan ay lumilipad lagi sa bintana ng silid nila ang mga mata nito? Sigurado siyang hindi

siya nito nakikita dahil nakapatay ang ilaw sa kuwarto.

Muli siyang sumilip; naroon pa rin si Steve. Hindi na ito nakatingala sa kalangitan kundi nakatanaw na lamang sa malayo na tila napakalalim ng iniisip. Ano kaya ang iniisip nito? May problema kaya ito? Kung bumaba kaya siya at samahan ito, sasabihin kaya ng binata ang nasa loob nito?

Parang napasong lumayo siya sa bintana. Ano itong iniisip niya? Bakit ba siya concerned sa asungot na iyon na wala namang alam gawin kundi sirain ang araw niya? Hindi niya dapat binibigyan ng espasyo ang herodes sa utak niya.

Naupo siya sa gilid ng kama. Pero mayamaya, natagpuan niyang bumabalik ang mga mata niya sa bintana. Natampal na lamang niya ang noo.

Tinungo niya ang drawer at naglabas ng gunting at oslo papers. Binitbit niya iyon nang bumaba siya mula sa kuwarto. Tatal nasa labas ang asungot ay walang mang-iinis sa kanya. Alam niya ang oras ng pagpasok nito sa bahay. Aakyat na lamang siya kapag papasok na ito.

Nang nasa sofa na ay sinimulan niyang gupitin ang mga oslo papers para sa karagdagang paper dolls ni Gail. Ang sabi ng Tiya Tessie niya, ito raw ang nami-miss sa kanya ni Gail, ang mga manikang masterpiece niya.

Ngingiti-ngiti siya habang sinisipat ang biggest paper doll na nagawa niya. Nakikinita na niya kung paano itong kukulayan

ng pinsan bukas, bonding nila dahil Sabado.

“Sinasabi ko nga ba! Ginagawa mo na naman ang ritwal mo. Ako ba ’yan, ha? Tutusuk-tusukin mo rin ba iyan para saktan ako?”

Nag-evaporate ang lahat ng kasiyahang nasa dibdib niya nang marinig ang boses nito. Saan ba dumaan ang damuhong ito at hindi niya namalayang pumasok na pala?

“At ang dami nila! Goodness! Ganyan ba karami ang kaaway na gusto mong saktan, Witch?”

Lihim na nagtagis ang mga ngipin niya pero hindi siya sumagot. Mas makabubuti yatang hindi niya ito patulan. Mas lalo lamang siyang inaasar nito kapag lumalaban siya. Maybe, silence is what she needed to beat him. Ipinagpatuloy niya ang paggupit.

“Nag-co-concentrate ka kaya hindi mo ako magawang sagutin?” Bale-walang naupo ito sa tabi niya at isa-isang sinipat ang nakahilerang mga manika. Dinampot nito ang isa at pinakatitigan. “Parang ako ito, ah. Memorize mo pala ang hitsura ko? Wow! Paano mo ba tutusukin ito, Witch?”

Hindi pa rin siya sumagot. Nahalata marahil nito na wala siyang balak makipagsagutan kaya hindi na umimik. But she felt he was looking at her. Napatigil siya sa paggupit at bumaling dito—na sana pala ay hindi niya ginawa dahil nahigit niya ang paghinga nang salubungin ng anyo nito ang mga mata niya. Nakatitig ito sa kanya habang nakapaskil sa labi ang pinakamasuyong ngiting nakita niya.

Umawang ang labi niya para magsalita subalit wala siyang maisip isatinig. Itinikom niya ang mga labi at napalunok.

“You know what, Witch? Sa camera at sa mga mata ko, you’ll always be beautiful...” And gently, humaplos ang likod ng kamay nito sa pisngi niya.

Umaakyat na ito sa hagdanan ay nakatulala pa rin siya. Natauhan lamang siya nang biglang magdilim ang paligid.

Napasinghap siya. Kaagad niyang kinapa ang cellphone niya upang gawing tanglaw. She hated darkness. Nabubuhay ang takot niya sa dilim.

Ang munting liwanag mula sa cellphone ay sapat para mapanatag siya. Hanggang may liwanag siyang nakikita, kahit paano ay humuhupa ang wala sa lugar na takot niya sa dilim. Tumayo siya at gamit ang liwanag ng aparato, marahan siyang naglakad patungo sa hagdanan. Aakyat na lamang siya sa silid nila ni Gailey.

Marahas siyang napasinghap nang makitang may puting pigurang marahang bumaba sa hagdanan.

Multo! Tinakasan ng lakas ang buong sistema ni Sandy. Nanlalaki ang mga matang umurong siya. At sa isang maling galaw ng paa, bumagsak siya sa sahig.

Nang mawala sa paningin niya ang liwanag mula sa nabitawan niyang cellphone ay nagtitili na siya sa takot.

Bewitched - Aira Felicity

Powerful hands grabbed her. Lalo na siyang nagsisigaw. “Shh... shh... Huwag kang matakot, ako lang ito, Witch...”

Tumigil siya sa pagpalag nang marinig ang boses nito. Kumilos ang mga kamay niya at kinapa ito. “S-Steve?” Napahinto siya sa pagkapa nang marinig niya ang mahinang pagsinghap nito sa hindi niya malamang dahilan. Noon niya lang napagtanto na mismo sa dibdib nito huminto ang mga palad niya.

And she was feeling the rhythmic beating of his heart!

“Yeah...” he answered in a whisper and she felt his arms went around her. Naestatwa siya sa mga bisig nito. Bago pa man rumehistro nang ganap sa utak niya ang nangyayari, nagliwanag na ang paligid.

Parang napasong kaagad siyang dumistansya mula kay Steve. Ganoon din ito. At nang ibaba niya ang tingin sa sahig, naroon ang cellphone na nabitawan niya. At ilang pulgada mula sa hagdanan ay naroon ang isang puting kumot—kung ganoon, ang puting pigura na nakita niya ay...

Matalim ang tinging ipinukol niya sa kaharap. Kinumpirma ng ngiti nito ang kutob niya. Sumugod siya at pinagbabayo ang dibdib nito. “Ang sama mo! Ang sama mo!” Nang wala na siyang lakas at hindi pa rin ito tumitinag na para bang nasisiyahan sa ginagawa niyang pananakit dito ay namasa na ang mga mata niya sa galit.

Hudas talaga! Ni wala itong ideya sa takot na sumakop

sa kanya kanina lamang. Magkasunod na hampas pa sana ang ibibigay niya rito nang pigilan nito ang mga braso niya. Pumalag siya pero humigpit lamang ang pagkakahawak nito sa kanya.

“Hindi ko alam na talagang matatakot ka. I’m sorry...” Natigil siya sa pagpalag. Sinsero ang tono nito, bagay na hindi niya inaasahan. At lalong hindi niya inaasahan ang tila paghaplos sa kanya ng boses nito. Wala sa sariling napatingala siya rito. He was gazing hard at her that she swallowed.

Akmang yayakapin siya nito pero marahas niya itong itinulak. Nahuli pa niya ang pagkagulat sa anyo nito. “Manyak!” galit niyang hiyaw at mabilis na dinampot ang cellphone niyang nag-shut down. Patakbo niyang tinungo ang hagdanan. “At tsatsansingan mo pa ako? Shit ka, Steve, huwag mo akong mahawak-hawakan!”

He just chuckled. Amusement ang nabasa niya sa mga mata nito habang nakatingala sa malalaki niyang hakbang sa hagdanan.

“I saw a shadow. Hindi na ako magtatataka kung itim ang paborito mo. It’s sexy, anyway, black pan—”

“Maong ang panty ko, damuho ka!”

Humagalpak ito ng tawa na lalo niyang ikinairita.